# Tatlong Mukha ng Babae sa Baybayin

*Hannah A. Leceña*

## Naghihintay si Mabel

"Victor! Victor! Lumabas ka diyan!"

Naalimpungatan ang mga taga-Baybay sa ingay na nilikha ni Mabel. Hindi pa man tuluyang sumisikat ang araw ay sinugod na nito ang bahay ni Victor, ang financer ng pangisdaan na sinakyan ng kaniyang asawang si Jonas.

"Day, tama na 'yan. Nakakahiya, baka marinig tayo ng mga kapitbahay!" paalala ni Jen na noon ay pinipigilan ang kaibigan.

Agad na lumabas mula sa isang malaking bahay ang isang lalaking may matipunong katawan at hinarap sila. Nagsilabasan din ang ilang kapitbahay na naroroon. Lalo na ang mga gustong mag-almusal ng tsismis.

"Nasaan ang asawa ko?" matigas na tanong ni Mabel. Hindi mababanaag sa mukha nito ang takot o pagkatinag.

"Bel, pag-usapan natin ito nang maayos, umupo ka muna," tugon no'ng Victor. Pumanhik ang dalawang babae sa balkonahe ng bahay nito.

"Mag-aapat na buwan na, wala pa rin sila. Tinatarantado mo ba kami?" tanong ni Mabel. Nanginginig ang boses niya, kasabay nito ang panginginig ng kaniyang kalamnan.

"Tama na, Day," pagpapakalma ng kaniyang kasama. Tila umiiwas ito sa gulo.

Ngunit hindi mapakalma si Mabel. Dinuro-duro pa niya ang lalaking kausap.

"Nawala sila sa laot," pagtatapat ni Victor. Hindi ito nakatingin sa kanila nang mata sa mata.

Nagulantang si Jen sa narinig ngunit walang lumalabas na salita sa kaniyang bibig.

"At wala ka man lang ginawang gago ka!?" tuligsa ni Mabel. Akma na nitong susugurin si Victor ngunit patuloy naman itong hinahatak ni Jen.

"Walang alam ang coast guard, di ko na matawagan ang radyo nila," pag-amin ni Victor.

Napipi silang tatlo pagkatapos marinig ang mga sinabi ni Victor. Tila naghagis ito ng dinamita sa gitna ng dagat, malakas ang pagsabog. Walang nakailag sa kanila.

Kaya naman walang sinayang na oras si Mabel. Nagliliwanag na ang paligid. Umalis siya agad nang walang binibitiwang salita. Nakakuyom pa rin ang kaniyang palad. Hindi niya alam kung ano ang dapat gawin. Ang alam niya lang, kailangang may gawin siya. Nangilid ang kaniyang luha. Napakamot ng ulo ang kasamang si Jen.

Agad na sinalubong si Mabel ng mga anak na sina Duday at Odo habang nasa daan ito. Pinunasan niya agad ang mga mata.

"Nay, nakaluto na po kami ng almusal," sabi ng kaniyang anak na si Duday.

"Sinahugan namin ng odong ang pusit," dagdag pa ni Odo.

"Sige," tugon ni Mabel sa mga anak. At hinawakan ang kamay ng dalawang anak pauwi.

Nagtaka si Odo at Duday kung bakit namumugto ang mga mata ng kanilang ina. Pagkatapos nilang kumain, may narinig silang pagkatok sa pintuan. Pagbukas ni Duday, nakita nila ang isang pamilyar na mukha, agad nila itong nakilala.

"Angkol Victor!" sambit ni Duday.

Agad itong pinapasok ng dalawang bata.

"Ang Nanay niyo?" tanong ng bagong dating.

"Teka lang Kol, tatawagin namin, nasa kuwarto siya," sagot ni Odo.

Agad na lumabas si Mabel nang marinig ang boses ni Victor sa kanilang sala. Inutusan niya ang dalawang anak na bumili ng tinapay sa tindahan upang hindi nito marinig ang kanilang pag-uusap. Alam niyang tungkol ito sa kanilang Tatay Jonas.

"Ano?" matigas na tanong ni Mabel sa kausap. Makulimlim ang mukha nito. Kitang-kita na galit pa rin sa lalaking kaharap.

"Bel, patawarin mo ako," saad ni Victor.

"Pero wala akong kasalanan sa nangyari. Sino ba ang may gusto na mangyari 'yon?" dagdag pa nito.

"Ano ba talaga ang nangyari sa asawa ko?" tanong ni Mabel.

"Ninakawan sila ng mga pirata, tinangay lahat, wala na doon si Jonas," tugon pa nito.

"Tapos?"

"Bel, alam mong lugi ako sa nangyari! Milyon ang nawala sa akin!" sigaw nito.

"Swapang ka! Pinapunta mo sila sa dagat ng Indonesia kahit alam mong delikado!" sigaw ni Mabel na nakakuyom pa rin ang palad.

"Isipin mo muna kung ano ang sinasabi mo! Alam mong marami kang utang kaya pumalaot ang asawa mo!"

Nag-away ang dalawa. Agad na umalis si Victor. Nag-iwan ito ng pera sa mesa.

Pag-alis ng bisita humagulgol si Mabel. Tiningnan niya lang ang sobre. Hindi niya ito kinuha. Hindi niya napigil ang sarili. Tinutop niya ang kaniyang dibdib, masakit ang lahat para sa kaniya. Alam niyang totoo ang sinasabi ni Victor. Alam niyang nangisda ang asawa para sa kaniya. Ngunit alam niya rin na hindi nababayaran ng pera ang buhay ng kaniyang kabiyak. Pagkatapos niyang umiyak nagpahid siya ng luha. Apat na buwan na niyang hinihintay na dumaong ang sinasakyang palaisdaan ng asawa.

Agad siyang umalis sa kanilang bahay. Buo na ang pasya ni Mabel. Pupuntahan niya ang mga asawa ng mangingisdang sumakay rin sa bangka ni Victor. Kailangang may gawin sila. Pumunta siya sa kabilang purok. Sa may pasugalan. Nakita niya roon ang asawa ni Kulas na si Bibing. Nagbabalasa ito ng baraha.

"Pong! Pong!" sambit nito habang naglalaro ng mahjong kasama ang mga kapitbahay na babae.

"Bing!" tawag niya sa babae.

"Uy Bel, lumabas ka na talaga sa kuweba mo!" kutya nito sa kaniya.

"Napadalaw ka?" tanong nito habang nakatingin sa hawak na baraha.

Naroroon din ang ibang babae, naglalaro ng binggo, ang ilan sa mga batang lalaki ay naglaro sa may bilyaran habang naninigarilyo. Nasulyapan niya roon ang anak na si Odo. Tiningnan niya ito nang masama. Nakatingin ito sa kaniya at saka nagwika,

"Nakikinood lang naman ako dito, Nay" sagot nito.

"Bing, may balita ka na ba kay Kulas?" baling ni Mabel sa kaibigan.

Hindi ito natigil sa pagbaraha.

“Huwag mong hanapin ang wala,” sagot nito.

Hindi alam ni Mabel kung nagbibiro ba ang kaharap. Nakatingin siya sa mga naroroon, wala kahit isa ang nakikinig o makikinig sa kaniya. Kaya umalis siya agad sa lugar na iyon. Alam niyang walang patutunguhan ang lahat. Hindi maalis-alis ‘yong Bibing sa kaniyang kinauupuan. Hindi rin ito makausap nang maayos.

Agad na naglakad si Mabel papunta sa bahay nina Jen. Nakita niya roon ang mga babaeng nag-uumpukan. Kinukutuhan ng isang babae ang isa pang babae.

“Nandiyan ba si Jen?” tanong niya sa mga ito.

“Parang wala e, mukhang nasa sapa, naglalaba,” sagot ng isang dalaga sa kaniya.

“Ganoon ba? Salamat, Day,” tugon ni Mabel. Pagtalikod niya, nagbulungan ang kumpol ng mga babae. Sa isip ni Mabel mukhang pinag-uusapan siya ng mga ito at mukhang alam niya na kung ano ang sinasabi nila sa tuwing nakatalikod siya.

Tinungo ni Mabel ang sapa na parang walang narinig. Naroon nga ang kaniyang kaibigang si Jen, naglalaba.

“Jen!” tawag niya.

Nagulat si Mabel nang marinig na nagtatawanan ang ibang kababaihan na naglalaba sa sapa. Parang nawili sa pinag-uusapan. Nagulat siya dahil nakuha pa ni Jen na maging masaya.

“Day, hali!” sambit ni Jen kay Mabel.

“May tsismis ako sa iyo!” tuwang-tuwa nitong sabi.

"Day, si Victor, namigay ng pera sa lahat ng mga asawa ng mga mangingisda!"

"Buti na lang, para may pambili tayo ng pagkain para sa mga anak natin," tugon ni Maymay, asawa ng mangingisdang si Lingling.

Nakita ni Mabel na naroroon pala ang asawa ng mga mangingisda na tulad ng kaniyang asawa na si Jonas, hindi pa rin nakauwi.

"Naku, mas mabuti siguro na maging kabit si Victor para marami tayong pera!" biro pa ni Maymay.

"Sinabi mo pa!" tugon ng isa pang babae na nagbabanlaw ng mga damit.

Hanggang sa umabot sa usaping bastos ang pinag-uusapan nila.

"Ang nakapagtataka, Jen, baka mabuntis ka pagdating ni Balong. E di magugulat siya! Haha!" kantiyaw ni Sonia.

"Bel, kung hindi na bumalik si Jonas, kayo na lang ni Victor," tukso ni Jen sa kaniya.

Hindi sumagot si Mabel. Alam niyang magmula noong nawala si Jonas, nabaon na rin sila sa utang. Umutang siya kahit kanino para mabayaran ang na-scam niyang pera. Totoong may negosyo siyang lending ng mga lipstick ngunit nalugi ito. Isinanla niya na ang mga mamahaling alahas pambayad sa koryente at sa tindahan ni Neneng. Mas mahirap pa sila sa daga ngayon.

"Sayang ang ganda mo!" dagdag pa ng iba.

"Ni hindi nga natin alam baka may mga pamilya na 'yon sa Indonesia," kuwento naman ng matandang babae na naglalaba roon.

"Kasi 'yong kapitbahay ko na taga-GenSan, ang anak no'n nasa Indonesia, nakulong, hindi na nakabalik, ilegal kasi na nangisda, magtatatlong taon na doon pero hanggang ngayon hindi pa rin makauwi.

Nagpapadala na lang ng pera at mga sabon sa pamilya. Minsan pinapadala sa mga mangingisda natin dito," salaysay nito.

Nakinig lang si Mabel sa kanilang pinag-uusapan.

"Ang iba nga, Manang, e 'yong mga isda ang binabarter sa mga laptop o selpon ng mga taga-Indonesia," dagdag pa ni Jen.

"Magiging masaya 'yon kapag nag-uwi sila dito ng washing machine!" sagot ng isa pang babae, saka naghagalpakan ang lahat.

"Ako, laking pasalamat ko na hindi na bumalik ang asawa ko. Nambubugbog 'yon kapag nalalasing."

Nagkatinginan lamang sina Mabel at Jen. Ilang minuto lamang ang lumipas ay tumayo si Jen para magsampay.

"Day, anong nangyari sa iyo?" tanong ni Jen sa kaniya.

"Kanina ka pa walang imik diyan," dagdag pa nito.

Hindi alam ni Mabel kung ano ang mararamdaman. Ano ba dapat ang maramdaman? Nawala ang asawa niya at hindi niya alam kung kailan babalik, kung buhay pa ba o hindi na. Ngunit naririto ang mga babaeng nawalan din ng asawa, katulad niya, ngunit bakit parang wala lang sa kanila ang lahat? Gusto niyang pumunta sa barangay pero ano ang sasabihin niya sa kapitan? Na nawawala ang asawa niya? Sino ang dapat sisihin? Kung tutuusin malaki pa ang utang nila kay Victor at halos lahat ng tao sa kanilang purok ay nagkakautang ng loob at pera sa lalaki. Ito kasi ang dahilan ng pag-asenso ng kaniyang mga kapitbahay. Marami rin itong naitulong kay Kapitan. Nagpakawala ng isang buntonghininga si Mabel saka nagpasiyang umuwi.

Dapithapon na nang muling magkasalubong sila ni Victor nang dumaan siya sa tindahan nito. Malaki ang tindahan no'ng Victor. May hardware at boutique pa ito na kaniya ring pagmamay-ari. Nakaupo ito sa tapat habang dumudutdot ng selpon. Malamig na ang ulo ni Mabel ngunit hindi pa rin naalis ang galit niya sa lalaki. Alam niyang hindi nito ginusto

ang nangyari sa asawa ngunit obligasyon din ni Victor na hanapin ang kanilang mga asawa at ang ibang mangingisda dahil sa kaniya ito nagtatrabaho.

Nakita ni Victor si Mabel.

"Bel, dadaong mamaya ang bangka namin, mamayang gabi, baka gusto mong pumunta rito, may salo-salo," anyaya nito na parang walang nangyaring alitan sa pagitan nila.

Hindi alam ni Mabel ang isasagot. Maraming tao ang naroroon. Ang ilan ay nakatingin sa kanila. Mukhang nagmamasid.

Hindi siya sumagot at agad siyang tumalikod.

Kinagabihan, parang may pista sa Purok Baybay. Dumaong ang bangka ni Victor. Jackpot ito. Nakapagdeliber din ito ng malalaking isda sa fishport sa lungsod. Sobrang saya ng bawat bahay dahil marami na naman ang mamimigay ng mga isda. Maraming bata ang nakaantabay sa dadaang mga mandaragat na maghahagis ng pera sa dalampasigan at mag-uunahan naman sa pagpulot ang mga ito. Ang iba ay naghihintay sa bahay nina Victor, naghihintay na mabahaginan ng pagkain. Ang ilang mga asawa ng mga mangingisda ay naroroon din, sabik na makita ang mga bana. Gusto nilang malaman kung may huli bang bariles ang mga ito o kung wala ay suwerte na lamang kung napuno nito ang lalagyan ng pusit o daing. Ang mga dalaga at binata naman ay nasa bilyaran, panay tawanan at ang iba ay abala sa pagdutdot ng kanilang mga selpon.

"Nay, punta tayo!" pamimilit ni Odo sa kaniya.

"Nay, baka kasama nilang dumaong si Tatay!" dagdag pa nito.

"Ako lang ang pupunta roon, bantayan niyo ang kapatid niyo," utos ni Mabel kay Odo. Tiningnan nito si Duday.

"Dito lang kayo," dagdag pa nito.

"Opo, Nay," tugon ni Duday.

Nagpakawala si Mabel ng isang malalim na buntonghininga. Nilingon niya ang bukás nilang pinto sa likod-bahay na nakaharap sa dagat. Nasaan na kaya ngayon ang bana? Ito ang tanging tanong niya sa sarili.

Naramdaman ni Mabel ang napakalamig na hangin. Nanonoot sa kaniyang balat. Naririnig niya mula sa likuran ang malakas na hampas ng alon. Tila nagagalit. Ipininid niya ang pinto.

“Day! Tara na!” sigaw ng kaniyang kaibigang si Jen na naghihintay sa kaniya sa labas. Di niya inasahan na pupuntahan siya ng kaibigan. May kinuha si Mabel sa kuwarto. Nilingon niya ang mga anak at ang bunsong si Jj bago umalis.

Lumabas si Mabel kasama si Jen na nakasuot ng napakaiksing damit.

“Magiging masaya ang gabing ito!” sabi ng kaibigan.

Hindi nagtagal narating na nila ang bahay ni Victor. Di magkamayaw ang mga tao. Di mahulugang karayom. Parang Pasko. Nakita ni Mabel na halos lahat ng mga asawa ng mga mangingisda ay naroroon, mukhang naghihintay sa mga ipamimigay ni Victor. Nagpalitson din ito. Ang ilang kalalakihan ay nagsipag-inuman sa tabi ng malalaking bangka ng financer. Naroroon si Victor nakipag-inuman sa kanila. Nang makita nito si Mabel, agad itong pumunta sa kinaroroonan ng babae. Umalis agad si Jen. Nagkunwari itong may pupuntahan. Susundan sana ni Mabel ang kaibigan ngunit hindi siya nagpatinag sa kaniyang pagkakatayo.

“Bel” sambit ni Victor.

Tumitig lang si Mabel sa kaharap.

“Nakapagdesisyon na ako. Ibibigay ko ang isa sa mga pangisdaan ko sa iyo,” saad nito.

“Humanap ka ng operator, ‘yong marunong, maraming batang lalaki diyan na gustong pumalaot, ipalaot natin ang bangka, ako ang mag-finance, kapag nakakuha ng mga bariles, jackpot, dadami ang pera mo, biglang asenso!” pagmamalaki nito.

Nakinig lang si Mabel sa kaniya.

"Alam mo naman Bel, simula noon, hanggang ngayon gusto kita," dagdag pa ni Victor na mas lumapit pa kay Mabel.

Hindi magawang ihakbang ni Mabel ang paa paatras. Ngunit mas lumapit pa si Victor sa kaniya. Hinawakan nito ang kaniyang bewang.

"Bel—"

Ngunit hindi na natapos no'ng Victor ang nais niyang sabihin. Sinampal ni Mabel sa mukha ni Victor ang perang ibinigay nito sa kaniya. Nalaglag ang pera at agad din itong tinangay ng hangin pabalik sa dagat.

Natigilan si Victor. Nakita ito ng mga taga-Baybay. Natigilan ang lahat. Umalis si Mabel sa umpukan. Nakakuyom pa rin ang kaniyang palad.

## Si Jen sa pagitan ng paghihintay

Hindi sinasadya ni Jen ang lahat. Noong una, tikim-tikim lang. Parang kapag bumibili siya ng ulam sa karinderya nina Victor, titikman niya ang mechado, afritada, kalderata hanggang sa magsawa siya. Pero di niya alam dahil sa patikim-tikim na ito, masasarapan pala siya. Sabi niya dati, hindi na talaga mauulit. Isang beses lang. Sabi niya sa susunod, kapag nangati siya sa paghihintay kay Balong, ilulublob niya na lang ang sarili sa dagat. Kapag namimis niya ang asawa, titingnan niya lang ang dagat para ipaalalang napakalapit lang ng kabiyak sa kaniya, kahit ang totoo, dagat at lupa ang layo nito. Pero di nagtagal, hinanap ni Jen ang sarap hindi sa alat ng afritada, menodo o mechado. Hindi sa alat ng dagat, kundi sa mga mandaragat.

Ilang buwan ding wala ang kaniyang asawang si Balong. Operator ito ng malaking palaisdaan ng financer na si Victor. Magmula noong pumalaot ang asawa, lagi na lang malamig ang kaniyang gabi. Buti na lang, maraming mangingisda sa kanilang baryo. Iyong mga bagong daong at mga papunta pa lang sa laot. Iyon madalas ang nagpapainit sa gabi ni Jen.

Kahit saan lang din nila ginagawa, minsan pa nga pumapayag si Jen kahit sa loob ng bangka na nakahilera sa may dalampasigan. Kahit anong

oras. Kahit anong posisyon. Hindi naman maririnig ang halinghing na kanilang nililikha dahil malakas ang hampas ng alon, sintindi ng romansang kanilang ginagawa ng kaniyang kumpareng si Kaloy, lalo na kapag bagong daong ang bangka nito. Sa isip ni Jen, wala namang magagalit. Titser kasi ang asawa ni Kaloy at nadestino ito sa bundok. Ilang linggo pa bago ito bumababa sa patag. Kaya palagi silang nakahahanap ng paraan para magniig.

Wala sa plano ni Jen ang magtaksil. Mahal na mahal niya ang asawa. Pero hindi niya rin maintindihan ang sarili. Noong minsan kasing nag-inuman ang mga mangingisda sa kaniyang tindahan, hindi niya mapigilang mapatingin sa bisig ni Jimmy, sa bisig ng isang mangingisda. Malaki. Malapad. Matigas. Halatang sanay sa paghatak ng malalaking bariles at tuna. Galing ang binata sa Zamboanga. Napadpad sa kanilang baryo upang mangisda. Nagkasarilinan din sila noong nakaraang buwan, sa pagdiriwang ng bagong taon. Parang pista sa kanilang baryo, nag-ihaw ng mga isda sa baybayin, nagpakabit ng ilaw ang kanilang purok chairman na si Bibing, may disco, nagrenta rin ng malalaking sound system, at ang financer na si Victor naman ang taya sa mga inumin. Lahat nagsasaya. Punong-puno ang bilyaran at mga payag. Kahit sa katig ng bangka, may nakaupo, may nakahiga sa buhanginan.

Noong lasing na ang lahat ng tao at nagsiuwian na ang iba sa kani-kanilang bahay, saka lang lumapit sa kaniya si Jimmy. Isasara na sana ni Jen ang kaniyang tindahan nang mag-alok ang lalaki ng tulong. Agad naman siyang nagpaunlak. Pagpasok, agad siyang kinabig ng lalaki at pinaghahalikan. Doon na nga naranasan ni Jen ang langit sa mga bisig ni Jimmy. Para siyang inilalayag nito sa ibabaw ng karagatan. Ang malalapad na katawan ng lalaki ay tila bangkang lumulutang sa tuwing sinasakyan. Sumisisid siya. Sinisisid siya. Sabay silang lumulutang, nalulunod at naaanod sa sarap.

Kung babalikan ni Jen ang mga natikman na niya, si Bani ang pinakamapangahas. Ibang-iba ito sa asawa niyang si Balong. Ang asawa niya kasi, parang patong pumapatong sa kaniya. Kapag nilabasan na, tapos na. Pero mahal niya ito kahit hindi magaling sa kama. Kahit para bang ginagawa lang siyang parausan. Pero noong matikman niya si Bani, para siyang nabaliw sa amoy nito. Hinahanap-hanap niya. Iba talaga kapag bata pa. Masarap, mas maalat.

Pero hindi si Jen ang unang nagpakilala sa binata. Ang binata mismo. Sino ba naman kasi ang hindi mabibihag ni Jen? Hindi halatang 37 taong gulang na siya. Parang 25 lang. Palibhasa hindi pa siya nilabasan ng bata kahit kailan. Baog kasi si Jen. Ito ang paniniwala ng mga tao sa kanilang baryo. Kaya hanggang ngayon hindi pa rin sila magkaanak ni Balong. Hindi naman sila nagpadoktor dahil ang sabi ng albularyo sa kanila, hindi raw talaga mabubuhayan ng anak si Jen dahil isa siyang buayahon. Pinaniniwalaang hinihigop niya ang kaluluwa ng kanyang mga kapatid kaya namatay silang lahat pagkatapos nilang iluwal. Sabi ng mga matatanda isang uri ng sumpa ang kondisyong ito na hindi na magkakaanak ang isang tao, kahit kailan. Mababasa di umano ito sa guhit ng palad.

Kahit walang proteksiyon, ginagawa ito ni Jen. Nasabik siya noong mag-text sa kaniya si Bani na magkikita sila sa baybay bandang ala-una ng madaling araw. Hindi nahirapan si Jen dahil katabi lang naman ng bahay nila ang dagat. Madilim pa ang paligid, si Bani ang nauna sa tagpuan, pagdating ni Jen doon wala na itong saplot, agad siyang hinubaran ng lalaki, sabay nga silang naligo sa dagat sa ilalim ng buwan. Hindi nga alam ni Jen kung paano niya nagawa 'yon. Kung paano nila nagawa 'yon. Ang alam niya masarap, masaya. Kahit pa napakalamig ng dagat.

Dati naman pagpaparaos lang ang hinahanap ni Jen pero di nagtagal, nagustuhan niya na rin ang mga ibinibigay sa kaniya ng mga mangingisda. Kung hindi pera ang binibigay sa kaniya, ibinibili naman siya ng mga alahas ng mga ito. Madalas pa nga, pinapakyaw nito ang mga pabili sa kaniyang Sari-sari store. Pagkatapos ng bawat pakikipagtalik ni Jen agad niyang sasabihin na sex lang. Ayaw kasi ni Jen na sumabit. Alam ni Jen na kapag naglalakad siya sa baryo, siya lang ang pinag-uusapan ng mga tao. Alam niyang tinatawag siyang kerida, kabit, pokpok, kulang na lang i-post siya sa Facebook o ipa-Tulfo ng mga ito. Pero wala pa namang gumagawa dahil wala namang ebidensiya. Hindi naman nagsusumbong ang mga ito sa asawa niyang si Balong dahil malaki ang utang ng mga ito sa kaniyang tindahan.

"Hindi naman din sila paniniwalaan ni Balong," sagot niya sa kaniyang Nanay na noon ay pinaalalahanan. Tumalikod si Jen at humarap sa dagat.

Lumipas ang ilang buwan, pauwi na ang bangka na sinasakyan ni Balong. Hindi makapaniwala si Jen sa narinig. Hindi niya mapigilan ang pananabik sa asawa. Naglinis siya ng bahay. Namalengke. Tapos, nagpaggupit siya ng buhok. Nagpa-pedicure at manicure. Nag-shave, nagpabango, nagsuot ng seksing damit! Mas lalong lumitaw ang kaniyang ganda at ang balingkinitang katawan. Sa wakas, makababalik na rin ang asawa niya!

"O Jen, makakasama mo na asawa mo," pabirong sabi ng financer na si Victor.

"At saka papagpahingahin ko muna siya ng ilang buwan. Nandiyan naman si Tisoy," tugon nito.

Ngiti at tango lang ang sinagot ni Jen na nakaharap sa dalampasigan. Di nagtagal ay dumaong na nga ang bangka na sinasakyan ni Balong. Lumapit naman agad ang mga maybahay upang salubungin ang kanilang mga asawa. May iilang nandoon at umaasang mabibigyan ng mga isda. Hindi agad nakita ni Jen ang asawa. Nakita niya ang iba pang mangingisda na nagdidiskarga ng gamit. Ngunit wala roon ang asawa ni Mabel at Bibing. Wala roon ang asawa ng ibang babae. Nakita niyang inaalalayan ng iba pang mangingisda ang isang lalaki. Dumaong ito sa dalampasigan. Niyakap si Jen ng kaniyang asawa. Niyakap niya rin ito na tulad ng pagyakap sa malawak na dagat.

"Mukhang tumataba ka yata," pabirong sabi ni Balong.

Ngumiti si Jen. Abot-langit ang kaniyang saya dahil sa wakas, nakauwi na ang kaniyang bana. Inakbayan siya nito. Papunta na sila sa payag nang mapansin ni Jen na sumasama ang kaniyang pakiramdam. Nahihilo siya at nasusuka sa amoy ng isda. Hindi alam ni Jen kung ano ang nangyayari. Ang alat ng kaniyang pakiramdam. Napaluha siya.

## May naghihintay kay Bibing

Kilala si Bibing bilang kaibigan ng lahat. Siya ang chairman ng Purok Baybay. Aktibo siyang nakikilahok sa halos lahat ng gawain sa barangay, kaya lagi siyang napupuri ng kapitan.

"Uy Mare, magandang umaga! Isda kayo riyan!" maaga pa lamang ay inilalako na ni Bibing ang mga húling isda ng kaniyang anak na si Banban. Hindi na ito nag-aaral. Pinilit niya itong mangisda. Para kay Bibing, mas mabuti nang magtrabaho ang anak na panganay, bukod sa malalaki na ang buto nito, magiging sakit sa ulo lang ito ng kanilang guro sa paaralan. Magiging sakit sa ulo lang ito ni Bibing. Ilang beses na rin kasi siyang napatawag sa opisina ng punongguro dahil sa pakikipagbasag-ulo ng anak.

"Magkano, Mareng?" tanong sa kaniya ng kapitbahay na si Maymay na noon ay nagwawalis ng mga tuyong dahon sa kanilang bakuran.

"Otsenta per kilo, pero dahil magkaibigan tayo sesenta na lang!" tugon ni Bibing sabay bungisngis. Yumuyugyog ang matabang braso nito habang inaabot ang isang supot ng isda.

"Bing, si Nene mo ba naenrol na sa paaralan?" tanong ng kausap.

"Ay hindi pa, gusto niya kasi ng Cookery e di naman namin 'yon afford. Sabi ko aquaculture ang kunin dahil malapit tayo sa dagat. Ayaw," tugon nito.

"Naku, sayang naman, si Kulas ba wala pa rin?" tanong ni Maymay.

"Huwag mong hanapin ang wala, Mare!" sagot naman ni Bibing sabay talikod.

Pagkatapos ni Bibing mailako ang kaniyang mga panindang isda, binilang niya ang kaniyang kita. Bumili siya ng dalawang kilo ng bigas at dalawang lata ng corned beef, isang supot ng bawang at sibuyas, tinging mantika na tiglimang piso. Napakamot siya sa ulo. Mahal na ang mga bilihin. Buti na lang, may natitira pang pangmahjong mamaya. Pagkatapos niyang mamili ay agad naman siyang umuwi sa kanilang bahay. Nadatnan niya ang anak na si Nene na nakahilata habang abalang tumitipa sa selpon.

"Ne, tulungan mo ako mamaya na magtahi ng lambat. Hindi 'yang panay ka pisbok diyan!" tugon niya sa kausap at inilapag sa mesa ang mga ipinamili.

"Nay naman e," reklamo nito sa kaniya. Nakabusangot ang mukha.

"O di naman kaya samahan mo na lang ang Ante Maymay mo, mangunguha sila ng alimango, para may pera ka pambili ng bagong selpon!" paalala niya.

Agad namang tumalima ang anak niyang babae. Sinipat ni Bibing ang anak, nakaramdam siya ng awa. Magluluto na sana siya nang biglang dumating ang anak na si Banban. Kagagaling lang nito sa financer na si Victor. Bagong balanse.

"O magkano?" usisa ni Bibing sa anak. Hindi sumagot ang anak. Ineentrega nito ang lahat ng pera mula sa kaniyang bulsa.

"Ako ang Nanay mo kaya hati tayo" pahayag ni Bibing sabay agik-ik, saka ibinalik ang natitirang pera sa anak.

"Ibili mo," utos niya sa kausap. Agad namang umalis ang binata. Papunta ito sa bilyaran. Sa isip ni Bibing iinom na naman ito kasama ang barkada.

Pagtalikod ng anak, agad na binilang ni Bibing ang perang nakuha mula sa anak. Nakakuha ito ng dalawang bariles. Pero dahil 70/30 ang hatian, napunta sa financer na si Victor ang mas malaking porsiyento ng pera at mga isda. Ang 30 bahagdan naman ay kailangan pang ipambayad sa utang nila sa tindahan. Kung tutuusin dapat malaki-laki ang pera ng anak pero may utang din sila kina Victor noong nakaraang buwan pa. Magmula noong hindi pa nakabalik ang asawang si Kulas hirap na hirap sina Bibing. Kulang pa ito para ibili ng mga gamit ni Nene sakaling magpapaenrol siya sa senior high school. Pati ang anak na babae ay nawalan na rin ng ganang mag-aral.

"Punyetang buhay 'to," himutok niya sa sarili.

"Nay?" tanong sa kaniya ng anak na kanina pa pala nakamasid sa kaniya. Nababakas sa mukha nito ang pag-aalala.

Agad na tumalikod si Bibing. Ayaw niyang umiyak. Ayaw niyang ipakita sa mga anak na umiiyak siya. Dinukot niya ang pitaka at pinagsama-

sama ang kita kanina at ang kita ng anak. May pang-mahjong siya kasama ang mga kaibigan. Kapag nanalo siya, tiba-tiba siya pag-uwi.

"Ne, kumain ka na lang sa karinderya ng Angkol Victor mo. Hindi na ako magluluto," dagdag pa niya saka nag-iwan ng pera sa mesa. Hindi niya alam kung narinig ba siya ng anak.

Umalis si Bibing sa kanilang bahay. Tumungo siya sa pasugalan para maglaro. Bumili siya ng chicharon at coke sa tindahan ni Jen.

"Bayad sa utang, ito lang muna. Babayaran kita kapag nanalo ako," paliwanag niya sa kausap saka nag-abot ng kaunting pera.

"Hindi pa rin ba umuuwi si Kulas?" tanong ni Jen sa kaniya.

Umiling si Bibing.

"Pati rin si Jonas e," bulalas ng kausap.

"Buti dumating na ang asawa mo," sagot nito kay Jen.

"Nakauwi nga pero parang hindi pa rin nakabalik. May nangyari sa kanila sa laot,"pahayag ng kausap.

Hindi na nagsalita pa si Bibing. Nakita niya ang lumolobong tiyan ng kapitbahay. Agad siyang tumuloy sa pasugalan. Pagdating niya roon marami nang mga tao. Pero dahil siya ang purok lider nagbigay ng daan ang iba sa kaniya. Siya yata ang reyna ng Purok.

"Buti dumating ka! Siyempre balanse ngayon e!" kutya ng iilang nandoon.

Agad inilapag ni Bibing ang kaniyang pitaka sa mesa. Nagbalasa siya ng baraha. Mabilis ang kaniyang pagbalasa. Nangangati ang kaniyang kamay.

Agad na inilabas ni Bibing ang pera sa pitaka.

"O Pongpong!"

Sunod-sunod ang panalo ni Bibing. Napakamot ng ulo ang mga babaeng nandoon.

"Suwerte ka ngayon, Bing ba!"

Tawanan at hagalpakan ang sagot ng iba.

"Siyempre," sagot niya. May ngiti sa kaniyang nagmamantikang labi. Makakapag-uwi siya ng masarap na ulam mamaya sa mga anak.

Ilang segundo pa ay narinig ni Bibing ang komosyon sa kabilang dako ng dalampasigan. Napalingon siya kung saan nanggagaling ang ingay. Hindi niya alam kung bakit lumalakas ang tibok ng kaniyang dibdib.

"Ano pang hinihintay mo, lapag mo na ang baraha," utos ng kaniyang mga kalaro.

Mas lumalakas ang sigawan ng mga tao sa labas.

Inilapag ni Bibing ang kaniyang huling baraha.

Ngunit di nagtagal, naramdaman ni Bibing na papalapit sa kaniya ang mga tao.

"Nay!"

Napalingon si Bibing. Nanggagaling ang sigaw na ito mula sa kaniyang anak na si Nene.

"Si Tatay!"

Agad na napatayo si Bibing sa kaniyang kinauupuan. Nabitawan niya ang baraha. Tumakbo siya agad sa pinanggagalingan ng komosyon. Pagdating niya sa dalampasigan, nakita niya ang mga kapitbahay, kasama ang anak na si Banban, buhat-buhat ang isang bangka. Tumakbo si Bibing papalapit. Sinalubong niya ang laman ng bangka. Nanlaki ang kaniyang

mga mata nang makita kung sino ang lulan nito. Hindi namalayan ni Bibing ang pagpatak ng kaniyang luha.

"Kulaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaaas!" atungal niyang parang hayop. Sumunod naman si Nene at Banban mula sa kaniyang likuran. Pinagkaguluhan sila ng mga taga-Baybay. Nandoon din sa baybayin ang mga asawa ng mga mangingisdang hanggang ngayon ay hindi pa rin nakauwi.

"Nakita lang namin siyang nakasakay sa bangka."

Pumatak ang mga luha ni Bibing sa dalampasigan. Noong mga sandaling 'yon, hindi siya ang reyna ng Purok Baybay. Siya si Bibing na asawa ni Kulas.

Ilang buwan niyang hindi nakasama ang bana. Ngunit ngayon, heto na sa kaniyang harapan ang mister. Isang malamig na bangkay!

Pagkaraan ay naramdaman niya ang mabigat at mainit na dantay ng kamay sa kaniyang balikat. Pagtingala niya nakita niya si Mabel.

"Kailangang may managot sa nangyari," tugon nito.

Napatingin si Bibing kay Mabel na noon ay hindi pa rin natinag sa pagkakatayo. Nakakuyom pa rin ang palad habang nakatanaw sa dagat. Tila naghihintay sa isasagot niya.